# Todo-Todo Kontra Tetanus at Dipterya Bakuna i-Kumpleto

# Factsheet

## KALAGAYAN NG TETANUS SA ARMM:

- Ang Tetanus ay nananatiling banta sa ating komunidad lalo na sa ating kababaihang buntis at bagong panganak na sanggol.
- Nananatili pa ring mababa ang bilang ng mga nabakunahan laban sa Tetanus sa ARMM lalo na sa mga probinsya ng Sulu at Basilan, Marawi at Isabela City at sa apat na bayan ng Lanao Sur (Saguiaran, Kapai, Ditsaan-Ramain at Marantao).
- May mga kaso din ng pagkamatay sanhi ng Tetanus sa iba't ibang probinsya ng ARMM.

## TETANUS

- **Ano ang Tetanus?**

Ang Tetanus ay isang karamdamang makikitaan ng paninigas ng kalamnan at panga at kadalasang nakamamatay. Ito ay sanhi ng mikrobyo *(Clostridium tetani)* na makukuha sa maruming kapaligiran. Maari rin itong magdulot ng pagkamatay ng bagong silang na sanggol.

- **Ano ang sintomas ng Tetanus?**

Ito ay ang paninigas ng kalamnan o paninigas ng panga (lock jaw).

- **Paano nakukuha ang Tetanus?**

Maaaring magkaroon ng Tetanus ang mga babaeng walang bakuna ng Tetanus at nanganak sa hindi malinis na lugar o ginamitan ng hindi sterilisadong kagamitan. Ang bacteria ay maaring magdulot ng impeksyon kapag pumasok sa mga sugat o hiwa sa balat.

## DIPTERYA

- **Ano ang Dipterya?**

Ang Dipterya ay nakakahawang sakit dulot ng pagdami ng mikrobyong *Corynebacterium dipththeriae* dahil sa pagbaba ng resistensya.

- **Ano ang sintomas ng Dipterya?**

Namamagang lalamunan, hirap sa paglunok at paghinga, at pagkakaroon ng puting membrane sa lalamunan.

- ## Paano nakukuha ang Dipterya?

Ito ay nakukuha mula sa isang taong may sakit na Dipterya na maaring maipasa sa isang tao sa pamamagitan ng pag-ubo at pagbahing.

- ## Sino ang dapat magpabakuna?

Ang Tetanus Diphtheria vaccine ay ibibigay sa mga kababaihan na may edad na 15-40 taong gulang.

- ## Ilan beses dapat magpabakuna?

Tatlong beses ibibigay ang bakunang tetanus at diphtheria.

**Unang pagbabakuna ng Td -** ***unang pagbisita sa health center***

**Pangalawang pagbabakuna ng Td -** ***makalipas ang isang buwan matapos ang unang dose***

**Pangatlong pagbabakuna ng Td-** ***makalipas ang anim na buwan pagkatapos ng pangalawang dose***

# POLIO

- ## Ano ang Polio?

Ito ay isang matinding karamdaman na dulot ng polio virus na kung saan ang may sakit na polio ay nakakaranas ng lagnat, pagliit ng mga kalamnan sa paa at kamay na maaaring magresulta sa pagkalumpo.

- ## Paano nakukuha ang Polio?

Ito ay nakukuha sa pamamagitan ng "oral-fecal route". Maaring makuha ang poliovirus sa mga pagkain, tubig at bagay na kontaminado ng dumi ng taong may impeksyon ng polio.

- ## Sino ang dapat magpabakuna?

Ang Oral Polio Vaccine ay para sa mga batang wala pang limang taon.

- ## Ilang beses dapat magpabakuna?

**Unang pagbabakuna ng OPV-** ***unang pagbisita sa health center***

**Pangalawang pagbabakuna ng OPV-** ***makalipas ang isang buwan matapos ang unang dose***

Isabay ang pagbabakuna ng inyong anak sa inyong pagpapabakuna ng tetanus/diphtheria.

- ## Saan pwede magpabakuna?

Maaring magpabakuna sa lahat ng Hospital, Health Center, at iba pang pansamantalang lugar na pagdarausan ng programa ng pagbabakuna.

### BENIPISYO NG BAKUNA:

- Lalakas ang resistensya ng katawan laban sa Tetanus, Dipterya at Polio.

TODO LIGTAS
MANIGURADO, MAGPABAKUNA NANG KUMPLETO.

DOH

Pag Kumpleto, Protektado

unicef